Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

7cl 11-25-10

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG NOBYEMBRE 22, 2010, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:50 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | . . . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | . . . | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay<br>nasa lakad-opisyal |

**KAPASIYAHAN BLG. 200 - T2010**

**KAPASIYAHANG NAGPAPAABOT NG PAGBATI AT PAGPAPARANGAL SA MGA BATANG NAGWAGI AT PAARALANG KANILANG KINAKATAWAN, SA NAKARAANG REGIONAL SCHOOLS PRESS CONFERENCE NA GINANAP NOONG NOBYEMBRE 8 – 12 NG TAONG ITO SA LUNGSOD NG STA. ROSA.**

**SAPAGKA'T**, ang pagpapalaganap ng tamang kaisipan sa mga batang may taglay na kakayahan at katangian sa pag-aaral ay higit na binibigyan ng pagpapahalaga ng mga paaralan para sa ikasusulong at ikauunlad sa larangan ng edukasyon sa bansa;

**SAPAGKA'T**, tungo sa ganitong layunin, maituturing na isang halimbawa at isang hamon sa mga bata at maging sa paaralan ang kanilang pinagwagian sa naganap na paligsahan sa larangan ng pamamahayag o peryodiko;

**SAPAGKA'T**, karapat-dapat na sila'y kilanlin at parangalan sapagkat sila ang mga batang magdadala ng pag-asa at kagalingan para sa bayan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Laarni A. Malibiran (Tagapamuno ng Lupon sa Edukasyon), na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Ipaabot ang pagbati at pagpaparangal sa mga batang nagwagi at paaralang kanilang kinakatawan, sa nakaraang Regional Schools Press Conference na ginanap noong Nobyembre 8 – 12 ng taong ito sa Lungsod ng Sta. Rosa, na kinabibilangan ng mga sumusunod:

**A. Individual Category**

| Pupil Contestant | Rank/Category/Medium | Trainer / Coach | School |
|---|---|---|---|
| 1. Jayvee D. Alejandrino | 4th place, copy reading & headline writing (Filipino) | Rico P. Roman | Duhat Elementary School |
| 2. Frances Mikaela Noreen Chavez | 5th place, On-line Writing ( Filipino ) | Rommel S. del Mundo | OLMEF |
| **B. Group Category** | | | |
| 1.Bulilit Balita | 3rd place, best school paper<br>4th place pahinang balita<br>4th place, pahinang editorial<br>( Bracket A-Filipino) | Lourdes S.Vitaliz,<br>Riza P. Ayala, etal | Santisima Cruz Elementary School |
| 2. Bituin ng Saces | 2nd place Pahinang Balita<br>( Bracket A-Filipino) | Maricel P. Chan<br>Concepcion I. Aquino, | Santo Angel Central Elementary School |
| 3. OLMEF Balita | 8th place, Pahinang Sports<br>( Bracket A-Filipino) | Rommel S. del Mundo | OLMEF |
| 4. THE SPRING | 8th place, Page Design<br>( Bracket B-English) | Aura Fe T. Morales | Bubukal Elementary School |
| 5. DUHATAN SPARKLERS | 12th place, page design<br>( Bracket B-English) | Rico P. Roman,<br>Alvin Freo | Duhat Elementary School |

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Tanggapang Pangdibisyon, Kagawaran ng Edukasyon, mga Punong Guro at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO:

**LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

NAGPATOTOO:

**INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan